FACTSHEET

Australian Government

A joint initiative of the Australian, State and Territory Governments

NATIONAL COUNTER-TERRORISM ARRANGEMENTS

TAGALOG

NATIONAL COUNTER-TERRORISM ALERT SYSTEM

Pampublikong impormasyong dokumento

Pambansang Sistema sa Pag-aalerto Kontra-Terorismo

Ano ang Sistema sa Pag-aalerto?

- Ang Pambansang Sistema sa Pag-aalerto Kontra-terorismo ay may apat na lebel (mababa, katamtaman, mataas, sagad-taas) na nagpapabatid sa natasang panganib ng terorismo sa Australya.
- Ang Pambansang Sistema sa Pag-aalerto Kontra-terorismo ay nagtuturo sa pambansang paghahanda at pagpaplano. Ito ay nag-aatas din ng mga tagdan ng pag-iingat at pagmamatyag upang mabawasan ang panganib na maganap ang teroristang pangyayari.
- Palaging nirerepaso ng Komite sa Kontra-Terorismo ng Pamahalaang Australyano ang mga lebel ng pag-aalerto.

Ano ang nagbabago?

- Ang apat na mga lebel (mababa, katamtaman, mataas, sagad-taas) ay kagaya ng dati; ang pagkakaiba ay kung paano ito ginagamit sa kabuuang bansa.
- Ang pagkakaiba ay maaari na ngayong baguhin ng mga pamahalaang Australyano ang lebel ng pag-aalerto para sa isa o mahigit pang natutukoy na mga pamayanan, lokasyon o sektor kung kinakailangan.

Bakit binabago ito?

- Ang naunang pakikiharap ay “pasok ang isa, pasok ang lahat”. Kung ang lebel ng pag-aalerto ay binago sa isang pamayanan, giyograpikong lokasyon o sektor, parehong babaguhin ang lahat.
- Habang komprehensibo ang naunang pakikiharap, magiging magastos at mahihirapan ang mga pamayanang hindi maaapektuhan ng tanging pangyayaring siyang nagpabago ng lebel sa pag-aalerto.
- Ang mga karagdagan sa seguridad at mga pagkukunan ng pangangailangan upang mapamalagi ang mataas na lebel ng pagka-alerto ay makakaapekto sa kakayahan ng pamayanan sa pagpapanatili ng pinagkakakitaang negosyo, pagpapatuloy sa pamamalakad ng mahahalagang imprastraktura at pagpapanatili sa kumpiyansa ng publiko.

Ano ang mga pakinabang?

- Ang bagong Sistema sa Pag-aalerto ay makababawas sa hindi kinakailangang mga pagkabalam sa pang-araw-araw na takbo ng buhay. Maiiwasan ang mga pagka-apekto sa mga pamayanan, lokasyon o sektor na hindi apektado ng pagbabago sa lebel ng pagka-alerto.
- Ang mga pamahalaang Australyano ay makapagpapalit na sa lebel ng isang alerto para sa isa o mahigit pang mga pamayanan, lokasyon o sektor kung kinakailangan.

Sino ang magsisiwalat ng pagbabago sa lebel ng pagka-alerto?

- Ang pagbabago sa lebel(mga) ng pagka-alerto ay ipagbibigay-alam ng Punong Ministro o kinatawan nito. Ang inyong Primyer/Punong Ministro ang siyang magbibigay ng karagdagang impormasyon na nababagay sa inyong Estado o Teritoryo.

Paano ito aapekto sa akin?

- Habang ang bagong Sistema ay hindi direktang makaka-apekto sa inyong pang-araw-araw na kabuhayan, mahalagang alam ninyong may ganitong pangkalagayang nakahanda. Ang lahat ng mga pamahalaang Australyano ay nakapangako sa pagtitiyak ng pagkakaroon ninyo ng kumpiyansa sa kakayahan ng Australya sa pagtugon sa anumang pananakot o pagkilos ng terorista.

Kailangan ng karagdagang impormasyon?

- Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Pambansang Sistema sa Pag-aalerto Kontra-Terorismo, mangyaring tunghayan ang:.